ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 24
Disyembre 21, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Todong labanan ang walang-habas na pasistang terorismo sa kanayunan

Walang-habas ang pasistang terorismo ng rehimeng US-Duterte sa kanayunan ngayong taon. Walang kapantay sa kalupitan ang mga armadong galamay ni Duterte laban sa masang magsasaka at maralita. Sa gitna ng rumaragasang pandemya at mga kalamidad, tuluy-tuloy ang saywar, paninindak at paniniktik sa mga baryo at komunidad na pinaghihinalaan nilang mayroong mga organisasyong masa at sangay ng Partido o di kaya ay sumusuporta at nagsisimpatya sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang kampanyang ito na paglupig sa masa, sa ilalim ng tinaguriang Joint Campaign Plan-Kapanatagan, ay kaakibat ng malalaki, masisinsin at tuluy-tuloy na operasyong pangkombat na nakatutok sa mga larangang gerilya ng BHB.

Dinudumog, sinasakop at pinaghahari-harian ng Retooled Community Support Program (RCSP) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga baryo. Imbing pasistang layunin nito ang alisin ang anumang bahid ng impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan. Nagtatagal ang RCSP nang 3-6 na buwan sa pinakamaiksi, o hanggang tatlong taon sa kulumpon ng mga baryo.

Pasistang pakay nito na basagin ang pagkakaisa at pagtutulungan ng masa. Iniisa-isa at dinudumog nila ang mga pinagdududahang kabilang sa mga organisasyong masa, ang mga may kamag-anak na Pulang mandirigma o kadre ng Partido, dating mandirigma o sinumang tumatangging yumuko, sumuko o magpahamak sa kanilang kababaryo.

Ginagamit ng mga pasista ang *red-tagging*. Iniaanunsyo ang mga pangalan sa radyo o ipinapaskil sa mga tarpolin. Ineekisan nang pula ang mga bahay ng mga pinaghihinalaan. Ipinatatawag o sinusundo sila para mag-ulat at "magpalinis ng pangalan" sa mga kampo militar, at doon "mag-surender" o magpagamit sa mga paniniktik at pagsusuplong, o lumahok sa mga proyekto na pinagkakakitaan ng militar.

Ang tumatanggi ay kara-karakang ikinukulong o kaya'y pinagbabantaang patayin. Binabalik-balikan sa bahay, na paglao'y pinaliligiran, inaakyat, o nirereyd at nirerekisa kadalasa'y sa disoras ng gabi. Ang patuloy na "nagmamatigas" ay tuluyang pinapaslang. Sunud-sunod ang mga kaso ng pagmasaker na pinalalabas sa balita na engkwentro sa BHB. Nitong 2020, hindi bababa sa 290 ang mga magsasakang pinatay ng mga pasista.

Ang masang magsasaka ay pilit pinasusunod sa mga arbitraryong patakarang ipinapataw ng mga pasista, tulad ng paglimita sa pwedeng

bilhing pagkain at suplay, o kaya'y pagbabawal na magtrabaho sa kanilang bukid sa tabing ng "social distancing." Pawang walang ligal na batayan ang mga ito, labag sa karapatan at labis na pabigat sa masa.

Ginagambala ang katahimikan ng taumbaryo. Nangunguna ang mga buhong sa mga pasabong, paglalasing, pagdodroga, pornograpiya at pagsasamantala sa mga babae. Nagpapaputok sila ng baril sa gabi upang manindak. Naghuhulog ng bomba at nanganganyon sa mga bundok na kalapit sa baryo na pumipinsala sa mga bukid at ari-arian ng masa, at naghahatid ng labis na takot, laluna sa mga bata.

Nagpapakalat ang kaaway ng kaliwa't kanang intriga upang sirain ang pagtitiwalaan ng masa at wasakin ang kanilang mga organisasyon. Sinisiraan nila ang hukbong bayan at pinagbabantaan ang taumbaryo na sila ang babalingan ng ganti kung maglunsad ang BHB ng taktikal na opensiba sa kanilang lugar.

Malalim ang idinulot na pinsala ng maruming gera ng pasistang rehimen sa ilang larangang gerilya. Naging pasibo at nadisorganisa ang masa at hindi nakapanlaban sa harap ng paninibasib at abuso ng kaaway. Dahil ito sa ilang kahinaan ng mga komite ng Partido at yunit ng hukbo na mabilis umangkop sa estilong dumog ng kaaway at isagawa ang kinakailangang mga hakbang para panatilihin ang mahigpit nilang ugnayan at tulungan sa masa.

Gayunman, sa mas maraming larangang gerilya, magiting na nakapaninindigan at nakalalaban ang masa kasama ang kanilang hukbo. Dumanas man sila ng pinsala, patuloy silang nagbabangon at nakikibaka.

Sa mahigpit na pagtulong at gabay ng Partido at hukbo, nagagawa ng masa na panatilihin ang pagkakaisa at sama-samang kumilos at lumaban nang gitgitan. Kung kasama ang hukbo, hindi sila nasisindak. Naninindigan sila para sa kanilang mga karapatan at ipinaglalaban ang kanilang kagalingan. Hindi sila nag-iiwanan. Ang kapakanan ng bawat isa ay ipinaglalaban ng lahat. Ang kalupitan at panggigipit ay nahaharap nila nang kolektibo at matapang. Mayaman na ang karanasan ng masa sa paglaban, harapan man o ibang mapanlikhang paraan. Sama-sama nilang nasusuway ang utos ng kaaway, iniikutan o binabalewala. Hindi sila nauubusan ng paraan hangga't determinado at mataas ang diwang palaban.

Tuluy-tuloy na pinalalakas at pinalalawak ang mga organisasyong masa upang bigkisin ang pagkakaisa at itaas ang kanilang diwa at kakayahang lumaban. Kahit nasa baryo ang kaaway, nagagawang magpulong at mag-asembliya nang hindi nakikita o naririnig ng mga pasista. Ang pinakamatatatag na organisasyon ay aktibo sa propaganda at edukasyon. Puspusan nilang nababatikos ang teroristang mga krimen ng AFP at rehimeng Duterte at nailalantad ang mga pasistang kasinungalingan nito.

Sa harap ng hagupit ng kampanyang panunupil ng rehimen, hindi hinahayaang mapigtas ang bigkis na nagdudugtong sa masa at hukbo. Dahil kailangan, maraming paraan ng talastasan at ugnayan. Walang patid ang pagtulong ng hukbo sa mga pakikibakang antipyudal ng masa. Aktibo rin ang hukbo sa paglaban sa armadong galamay ng kaaway. Binabaklas ang lambat ng mga espiya ng kaaway. Ang mga pinag-iinitan ng kaaway ay kinakanlong o inihahanap ng masusukuban. Ang mga pasistang kriminal sa baryo ay pinarurusahan—iniisnayp o pinasasabugan.

Pinatutunayan sa buong bansa na hindi kailanman lubos na magagapi ang determinasyon ng masang api na lumaban at daigin ang pasistang pang-aabuso. Dapat humalaw ng aral at inspirasyon sa magiginting na karanasan sa paglaban ng masa, ng hukbo at Partido at ang lalong paglawak at paglalim ng rebolusyonaryong baseng masa sa kanayunan.

Sa hangaring manatili sa poder at ituloy ang pangangamkam at korapsyon, tiyak na hindi lulubayan ng pasistang rehimeng Duterte ang masa at itutuloy ang pang-aapi at pagpapahirap sa kanila. Subalit habang lalong nagiging malupit at brutal si Duterte, lalo lamang nagiging determinado ang masa at hukbo na lumaban at sumulong sa landas ng digmang bayan. AB


ANG Bayan

Tomo LI Blg. 24 | Disyembre 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Todong labanan ang walang-habas na pasistang terorismo sa kanayunan 1
Mga protestang bayan sa kabila ng *lockdown* 3
7 aktibista, hinuli sa Araw ng Karapatang-tao 4
Mga krimen ng AFP sa Sultan Kudarat 4
Mga protesta sa buong daigdig 5
Ang babae sa digmang bayan 6
Nanghahalihaw na mga sundalo, inambus 7
Kaso kaugnay ng Antique 7, umusad 7
Bagong maniobra ng mga Marcos 7
Hustisya para kay Alvin Luque! 7
Pasko ng kakapusan at kagutuman 8
Sa madaling salita 9
Cuba: Pagtaas ng kapasidad pangkalusugan 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Mga protestang bayan sa kabila ng *lockdown*

Sinamantala ng rehimeng Duterte ang pandemyang Covid-19 para supilin ang karapatan ng mamamayan na magpahayag, mag-organisa at magprotesta. Napigilan ng militaristang *lockdown* na brutal na ipinatupad ng mga pulis at sundalo ang pagsambulat ng mga pagkilos na gumigiit sa ayuda, kabuhayan at karapatan. Sa kabila nito, nakapaglunsad ng ilang malalaki at maraming maliliit na kilos protesta ang mga demokratikong sektor ngayong taon.

Sa inisyal na nakalap na datos ng *Ang Bayan*, mayroong mahigit 400 na pagkilos sa taong 2020. Labindalawa nito ay mga mayor na pagkilos sa Metro Manila. Sunod sa Metro Manila, pinakamarami ang nailunsad sa Southern Tagalog at Cebu. Liban sa rali, isinagawa rin ang mga barikada, protestang pangkultura, bungkalan, piket, karaban at mga kampuhan.

**Maliliit at malalaking pagkilos**

Pinakamarami ang dumalo sa pagkilos noong Nobyembre 30 sa Araw ni Bonifacio. Dinaluhan ito ng 5,000 katao. Panawagan sa pagkilos ang pagbabasura sa Anti-Terror Law ng rehimen. Pinakamaraming pagkilos ang inilunsad sa buong bansa laban sa batas na ito. Ikinasa laban rito ang maliliit pero marami, biglaan at maiiksi na pagkilos sa mga sentrong syudad at bayan sa Luzon, Visayas at Mindanao. Karamihan ay nilahukan ng mga grupong kabataan.

Liban dito, may mga pagkilos laban sa liberalisasyon ng importasyon ng bigas, ABS-CBN *shutdown*, *red-tagging*, panggigipit at pamamaslang, demolisyon at reklamasyon ng lupa. Mayroon ding mga rali na nanawagan ng proteksyon para sa mga manggagawang pangkalusugan, *mass testing*, kagyat at sapat na ayuda, ligtas na balik-eskwela, *academic ease*, balik-pasada at dagdag-sahod, *hazard pay* at badyet para sa mga serbisyong sosyal. Mayroong mga pagkilos para kundenahin ang pagpaslang sa mga aktibista tulad nina Randall Echanis at Zara Alvarez at panggigipit sa inang si Reina Nasino at kanyang sanggol na si River.

Sa unang bahagi ng *lockdown*, naikutan ng mga organisasyon ang mga restriksyon at pinamunuan ang protesta mula sa mga bahay at komunidad. Nilahukan ito ng 10-20 magkakapitbahay. Isinagawa nila ang mga *noise barrage* at sabayang pagpanawagan sa kanilang mga *social media account*.

Kasabay nito ang mga protesta at raling *online* o sa *internet*. Mayor dito ang paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa kung saan nagkita-kita *online* ang mga kalahok para makinig sa mga talumpati at panawagan. Sinabayan ito ng isang mabilisang piket sa loob ng University of the Philippines (UP) sa Diliman, Quezon City.




**Protesta sa lansangan**

Unang sumambulat ang protesta sa lansangan sa Barangay Bagong Pag-asa sa Quezon City na itinulak ng kawalan ng ayuda sa maralitang lunsod noong Abril 1. Mabilis at marahas itong sinupil ng mga pulis.

Muling natulak na magprotesta sa lansangan ang mga aktibista nang iratsada ng rehimen ang Anti-Terror Law sa Kongreso. Mabilisang nagtipon sa UP-Diliman noong Hunyo 4 ang mahigit 1,000 katao para kundenahin ang pagratsada sa batas. Muli silang nagtipon dito noong Hunyo 12. Sa sumunod na mga buwan, naging sentro ang unibersidad at upisina ng Commission on Human Rights sa loob ng kampus sa ilan pang mayor na pagkilos, kabilang ang protesta sa SONA. Ipinatupad sa mga protesta ang *social distancing* at pagsusuot ng *face mask*.

Pinakamaraming pagkilos ang sektor ng transportasyon. Higit sampung beses na nagpiket ang mga drayber at opereytor ng dyip para igiit ang balik-pasada.

Lumahok ang mga progresibong indibidwal at organisasyon sa higit limang beses na pagtitipon ng mga manggagawa ng ABS-CBN sa tarangkahan ng istasyon sa Quezon City.

Unang muling nagtipon sa Mendiola sa Maynila ang mga grupong LGBT noong Hunyo 26. Sumunod na protesta dito ang martsa ng maralita, araw ng paglaban ng mga magsasaka at pandaigdigang araw sa karapatang-tao.

Lahat ng mayor na mga pagkilos ay may kasabay na mga protesta sa mga syudad ng Baguio, Cebu, Bacolod, Iloilo, Roxas, Davao at iba pa. Nilahukan ang mga ito ng tinatayang nasa 150-300 mga raliyista.

Sa kabuuan, mahigit 300 aktibista at mga boluntir ang inaresto at pansamantalang idinetine habang papunta o nasa rali dulot sa diumano'y mga paglabag sa mga tuntunin sa *lockdown*. AB

# 7 aktibista, inaresto sa Araw ng Karapatang-tao

Iligal na inaresto ng mga elemento ng Philippine National Police (PNP)-Criminal Investigation and Detection Group ang pitong aktibista noong Disyembre 10, Internasyunal na Araw ng Karapatang-tao, sa magkakahiwalay na lugar sa Metro Manila.

Hinalughog at tinamnan ng baril at pasabog ang tinutuluyang mga bahay nina Lady Ann Salem, patnugot ng *Manila Today*, at mga organisador ng manggagawa na sina Dennise Velasco, Rodrigo Esparago, Romina Astudillo, Mark Ryan Cruz, Joel Demate at Jaymie Gregorio, Jr.. Inaresto at sinampahan sila ng gawa-gawang kaso batay sa tinanim na mga ebidensya. Lahat ng mga *search warrant* ay pinirmahan ni Judge Cecilyn Burgos-Villavert ng Quezon City Regional Trial Court. Kasabwat ni PNP Chief Gen. Debold Sinas ang naturang huwes sa maraming kaso ng pag-aresto sa Negros at National Capital Region. Tinaguriang "pabrika ng mandamyento" ang kanyang upisina at pinaiimbestigahan na sa Kongreso.

Malawak ang naging pagkundena sa rehimen sa atake sa malayang pamamahayag at pag-uunyon. Ang *Manila Today* ay kabilang sa ni-*red-tag* ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict sa nagdaang pagdinig sa Senado dahil sa paglalathala nito ng mga sulating kritikal sa rehimen. Ang mga unyonista naman ay dinakip dahil sa pagiging aktibo sa paglaban sa kontraktwalisasyon sa malalaking kumpanya tulad ng PLDT, Jollibee, Regent, Super 8, Pepsi at iba pa.

**Ni-*red-tag* na duktora sa Negros, pinaslang**

Isang duktor na pinaratangang myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang binaril ng *death squad* ng rehimen noong Disyembre 15 sa Guihulngan City, Negros Oriental. Napatay sa pamamaril si Dr. Mary Rose Sancelan, pinuno ng lokal na *task force* laban sa Covid-19 at nag-iisang duktor sa upisinang pangkalusugan ng syudad. Pinatay din ang kanyang asawa na si Edwin, na kasama niya noon pauwi sa kanilang bahay.

Bago paslangin si Sancelan, paulit-ulit siyang ni-*red-tag* ng Kagubak, isang antikomunistang grupong paramilitar na pinatatakbo ng pulis at militar sa Negros. Pinangalanan siya ng grupo bilang si JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, noong 2018. Noong 2019, nagpahayag na ng pangamba si Sancelan para sa kanyang buhay pero pinili niyang manatili sa syudad para magsilbi sa mamamayan. AB

## Mga krimen ng AFP sa Sultan Kudarat at Western Samar

WALANG-PUKNAT ANG mga krimen at paglabag ng Task Force Central (TFC) ng militar sa mamamayan ng Sultan Kudarat. Noong Setyembre 10, umabot sa 15 pamilya sa Sityo Tupi Bato, Midtungok, Sen. Ninoy Aquino, Sultan Kudarat, ang nawalan ng tirahan matapos sunugin ng 37th IB ang kanilang mga bahay at produkto sa bukid.

Sa ulat ng BHB sa rehiyon, umaabot sa 2,800 na Dulangan Manobo, Tiduray, Moro at setler ang naging biktima ng panggigipit at pamamaslang ng yunit mula Enero hanggang Nobyembre ngayong taon.

Kabilang sa mga krimen ng TFC ang pagpatay kay Milboy Dakula, 17, at Dino Limboy, 23, noong Setyembre 4 sa Barangay Santa Clara, Kalamansig. Noon namang Setyembre 5 sa parehong barangay, iginapos at ibinitin sa punongkahoy ang may sakit sa pag-iisip na si Cris Macargas, 40 taong gulang. Noong Oktubre 22, niransak, ninakawan at sinunog ng mga sundalo ang isang bahay sa Sityo Ebe, Barangay Lagubang, Sen. Ninoy Aquino.

Nakapailalim ang TFC sa Western Mindanao Command at binubuo ng 37th IB, 7th IB, 6th IB at PNP Special Action Force.

**Western Samar.** Pinakahuling biktima ng pagpaslang ng 46th IB sa prubinsya si Joey Ocasla, 38, residente ng Barangay Sinalangtan, Calbiga. Binaril siya sa kanyang bahay noong Oktubre 23, alas-3 ng madaling araw matapos pagbuksan ang mga sundalong naghahanap sa kanyang asawa na kapitan ng barangay. Pinatay din noong Setyembre si Juanita Pacayra, kapitan ng Barangay Antol.

Biktima rin ng 46th IB si Teddy Solayao, residente ng Barangay Magdawat, na pinatay sa kanyang sakahan noong Agosto.

### Terorismo ng estado, wakasan!

Tatlong libong mamamayan ang nagmartsa tungong Mendiola sa Maynila para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao noong Disyembre 10. Panawagan ng mga organisasyon sa pamumuno ng Karapatan at Bayan na **biguin ang terorismo ng estado**.

Giit nila ang pagwawakas sa mga atake sa mga progresibo at aktibista at ang nakamamatay na *red-tagging* ng estado. Kaalinsabay, nagsampa ng 6 kasong pang-aabuso ng awtoridad sa Ombudsman ang apat na organisasyon at dalawang mambabatas para patalsikin sa pwesto ang tatlong upisyal ng NTF-ELCAC na aktibo sa *red-tagging* ng mga aktibista.

# Iniluwal ng pandemya ang protesta ng milyun-milyong mamamayan

Walang kapantay na pagbulusok ng pandaigdigang ekonomya at krisis sa kalusugan ang humugis sa taong 2020. Milyun-milyon ang nagkasakit at namatay, at mas marami pa ang nawalan ng trabaho at kita. Lalong sumidhi ang kahirapan at gutom sa maraming bahagi ng mundo. Sa halip na ayuda at suporta, at pagpapalakas ng sistemang pangkalusugan, mas madalas na panggigipit at pasismo ang tugon ng maraming mga gubyerno sa hinaing ng kani-kanilang mamamayan. Ang mga kundisyong ito, na pumatong sa dati nang masidhing krisis ng sistemang kapitalista, ang matabang lupa kung saan umusbong at lumaganap ang mga protestang nilahukan ng pinakamaraming mamamayan sa nakaraang limang dekada.

Isa rito ang protesta ng 250 milyong magsasaka at manggagawa sa India laban sa neoliberal na mga patakaran sa agrikultura ng pasista at maka-imperyalistang rehimeng Modi. Milyun-milyon ang nagmartsa tungo sa pambansang kabisera at sa iba't ibang bahagi ng bansa, lampas sa libu-libong mga harang at pulis, para pwersahin ang estado na iatras ang anti-mamamayang mga panukala at bigyan sila ng subsidyo. Umani ng malawak na suporta ang kilusan mula sa mga panggitnang pwersa, midya at iba pang institusyon. Ang India sa kasalukuyan ang ikalawa sa may pinakamaraming mamamayang nahawa ng Covid-19.

Sa US, humugis ang makapangyarihang kilusang Black Lives Matter sa gitna ng pinakamatinding krisis pangkalusugan ng bansa. Pumutok ang malawakang mga protesta noong Mayo, lumaganap at tinatayang rumurok noong Hunyo kung saan umabot sa mahigit 26 milyon ang nagsabing lumahok sila sa mga pagkilos sa iba't ibang bahagi ng bansa. Noong Oktubre, mahigit 7,000 pagkilos na ang inilunsad ng kilusang ito. Higit itong lumakas dulot ng tumitinding diskuntento ng mamamayan laban sa palpak na tugon ni Donald Trump sa pandemya, at kanyang mga pasista at rasistang hakbang. Naging malakas ang boses ng kilusan na nanawagan para huwag iboto si Donald Trump sa eleksyon noong Nobyembre. Ang US ang may pinakamaraming nahawa at napatay ng Covid-19.

Sa Indonesia, daanlibong manggagawa ang naglunsad ng 3-araw na pambansang welga sa 60 lokasyon laban sa panukalang magtanggal sa mga benepisyo ng mga manggagawa at nagbibigay-daan sa kontraktwalisasyon sa paggawa.

Sa Thailand at Hongkong, daanlibo rin ang nagprotesta laban sa sistemang pulitika at mapaniil na mga patakaran ng kani-kanilang bansa. Umaabot sa 100,000 katao ang dumalo sa rurok ng mga protesta na nananawagan para alisin ang absolutong kapangyarihan ng monarkiya sa Thailand. Sa Hongkong, nagtuluytuloy ang mga protesta laban sa batas sa ekstradisyon na itinutulak ng China. Pinangunahan at nilahukan pangunahin ng kabataan ang dalawang kilusan.

Sa Israel at Lebanon, puu-puong libo ang nagrali laban sa bigong tugon ng kanilang mga gubyerno sa pandemya, pagbagsak ng ekonomya dulot ng mga *lockdown* at korapsyon ng kanilang matataas na upisyal. Dagdag na ayuda ang panawagan sa naglalakihang protesta sa Spain at Turkey. Sa France, Italy, UK at Belgium, kung saan pinakamatindi ang unang serye ng mga impeksyon, tuluy-tuloy ang protesta ng mga manggagawang pangkalusugan para sa sapat na sahod at proteksyon.

Nitong Disyembre, 50,000 ang nagtipon-tipon sa France laban sa brutalidad ng pulis at rasismo. Sa Nigeria, tagumpay ang kabataan sa panawagang buwagin ang SARS (kahalintulad na yunit ng SWAT sa Pilipinas) na notoryus sa brutal na mga paglabag sa karapatang-tao.

Serye ng mga pagkilos mula pa Marso ang isinagawa ng mga maralita sa Brazil, Mexico, Colombia, Guatemala at Chile para sa ayuda, badyet para sa mga serbisyo sosyal at dagdag suporta sa mga manggagawang pangkalusugan. Pinakamalaki rito ang sa Chile kung saan mahigit 120,000 raliyista ang nagmartsa para sa karapatan ng kababaihan at pagkundena sa pagsirit ng presyo ng pagkain at tubig. Sa Colombia, pambansang welga ang sagot ng mga manggagawa laban sa mga paglabag sa karapatang-tao sa gitna ng pagtaas ng bilang ng mga nahawa ng bayrus sa bansa. AB



# Ang babae sa digmang bayan



Maraming kabataang kababaihan ang di alintana ang mga sakripisyo at hamon bilang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Buong-tatag nilang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin, bilang pantay na mga katuwang ng kalalakihang mandirigma. Kabilang sa kanila sina Paolin, Mimi at Jellyn, mga kabataang kababaihan na nagmula sa iba't ibang saray ng lipunan, na nakahanap ng pagtanggap at pagkakapantay-pantay sa loob ng hukbong bayan.

**Ka Paolin, rebolusyonaryong ina**

Myembro ng komite sa propaganda at edukasyon ng isang prubinsya si Ka Paolin. Nagsisilbi siyang guro ng mga kasamang di makabasa't makasulat. Nagtuturo siya ng mga pangkulturang pagtatanghal, mga kursong masa, at kurso ng Partido.

Parehong namumunong kadre ng Partido at BHB ang kanyang mga magulang. Nagpasya siyang sundan ang kanilang mga yapak sa hukbong bayan nang mag-18 na siya. Dito niya nakilala ang kanyang naging asawa.

Pansamantala siyang lumiban para sa ligtas na panganganak sa kasagsagan ng batas militar sa Mindanao. Matindi ang naging *stress* niya, dahil alam niyang hindi igagalang ng mga sundalo ang kanyang mga karapatan kahit siya ay bagong ina. Tatlong buwan pa lamang ang kanyang anak nang iwan niya ito sa pinagkakatiwalaang kamag-anak.

Malaking sakripisyo kay Ka Paolin ang pag-iwan sa anak. Tanging mga larawan ng kanyang anak ang baon niya sa kanyang pagbalik sa yunit. Sinalubong siya ng mahigpit na yakap ng kanyang ina. "Ngayon alam mo na kung bakit ko kayo ibinilin sa Lola," biro ng kanyang ina habang lumuluha.

**Ka Mimi, mala-manggagawa**

Medik ng isang platun si Ka Mimi. Tungkulin niyang tiyakin ang kalusugan ng mga kasama at kalinisan ng kampo. Ngayong may pandemya, aktibo siya sa mga inilulunsad na *medical mission* sa saklaw nilang komunidad at kampanyang edukasyon hinggil sa Covid-19. Bilang mandirigma, ikinagagalak niya ang tiwala sa kanya ng mga residente ng mga baryong kanilang pinagsisilbihan.

Galing sa isang syudad si Ka Mimi. Sa edad na 18, namasukan siya bilang manggagawang kontraktwal sa mga pagawaan ng *palm oil*. Sa isa sa mga ito, sinahuran lamang siya ng ₱180 para sa 12 oras na pagtatrabaho. Mas mababa ito nang ₱100 kumpara sa sinasahod ng kalalakihan. Tulad sa iba, bawal siyang umupo sa loob ng pagawaan at mayroon lamang siyang 30-minutong pahinga at limitadong paggamit sa banyo. Wala siyang natanggap na benepisyong pangkalusugan.

Dahil sa barat ang sinasahod mula sa kumpanyang pinapasukan, natulak siyang pumasok sa mga antisosyal na aktibidad para buhayin ang kanyang anak. Malala, pinagmalupitan siya ng kanyang asawa na minsan ay kumuryente sa kanya.

Unang nakilala ni Mimi ang mga kasama nang umuwi siya ng prubinsya. Dito niya nakausap ang mga kasama. Dumalo siya sa mga pag-aaral na inilunsad sa loob ng kampo at nanatili nang isang linggo hanggang nakapagpasyang magpultaym.

**Ka Jellyn, Lumad**

Upisyal sa suplay sa kumpanya at instruktor pampulitika sa platun si Ka Jellyn, isang Manobo. Hindi siya nanibago sa buhay-hukbo dahil sanay siya sa gawain sa kabundukan. Bata pa lamang, tumutulong na siya sa kanyang mga magulang sa gawaing bahay at sa pag-aani ng kamote sa bukid.

Sumapi siya sa BHB noong Nobyembre 2014, sa edad na 18. Noong 2018, nakasama siya sa paglulunsad ng ambus sa isang yunit ng 66th IB kung saan 17 sundalo ang napatay. Isang kasama naman ang nasawi sa naturang engkwentro. Ngunit hindi natakot si Ka Jellyn, bagkus, lalupang tumibay ang kanyang rebolusyonaryong diwa. Mulat siyang bahagi ito ng pakikidigma, kung saan madalas na buhay-at-kamatayan ang sitwasyon. Gayunpaman, hanggang maaari, alam niyang kailangan laging mag-ingat at sumunod sa mga regulasyon para mapahaba pa ang pagsisilbi sa rebolusyon.

Tulad nina Ka Paolin at Ka Mimi, lalong tumitibay ang komitment ni Ka Jellyn sa rebolusyon sa tuwing nakakasalamuha niya ang masa at nararamdaman niya na buo ang tiwala nila sa kanya. Malaki ang pag-aalala sa kanila ng masa, laluna ng kapwa kababaihan, at madalas silang tanungin kung mahirap ba, kung hindi sila natatakot, kung paano maging babae sa loob ng hukbong bayan. Alam nila na sa kanilang pagiging mandirigma, unti-unti nilang binabaka at winawaksi ang mababang pananaw sa kanilang mga kabaro. Pinatunayan nilang may kakayahan sila sa lahat ng larangan ng gawain, maging sa gawaing militar. AB

## Nanghahalihaw na mga sundalo, inambus

INAMBUS NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Camarines Norte ang nag-ooperasyong mga sundalo mula sa 902nd Brigade noong Disyembre 12 sa Sityo Manlapat, Baay, Labo, Camarines Norte. Hinalihaw nila ang lugar kahit katatapos pa lamang ng bagyo. Nasamsam sa ambus ang dalawang 9mm kalibreng pistolang Glock at walong bakpak. Dalawang sundalo ang nasugatan.

**Surigao del Sur.** Pinaputukan ng BHB ang kampo ng CAFGU sa Km. 8, Barangay Puyat, Carmen noong Disyembre 4. Pwersahang pinasurender ng mga sundalo ang mga residente at nirekrut bilang CAFGU ang kalalakihan. Isang elemento ang napatay.

**Samar.** Inambus ng BHB ang sasakyang pampatrulya ng pulis sa Barangay Logero, Marabut, Western Samar noong Disyembre 10. Napatay si P/Capt. Earl Hembro. Noong Oktubre, tatlong sundalo ang napatay at isa ang nasugatan sa limang operasyong haras ng BHB sa Samar. Tinarget ng mga opensiba ang 19th IB at 43rd IB na nanliligalig sa mga barangay sa hilaga at kanlurang bahagi ng isla. Inilunsad ang mga pag-atake mula Oktubre 13-24 sa mga bayan ng Pambujan at Silvino Lobos sa Northern Samar, at sa Matuguinao, Samar. Nakasagupa rin ng mga kasama ang 19th IB noong Oktubre 28 sa Barangay Nagpapacao, Matuguinao kung saan dalawang sundalo ang nasugatan.

**Capiz.** Dalawang sundalo ng 12th IB ang sugatan matapos silang paputukan ng BHB sa Sityo Buga, Siya, Tapaz noong ikatlong linggo ng Nobyembre. Inirereklamo ng mga residente ng Tapaz ang pag-okupa ng 12th IB sa kanilang mga barangay na nagresulta sa pag-*hamlet*, sapilitang pagpasurender, pagbabanta, at panggigipit sa mga upisyal ng barangay na ideklarang *persona non grata* ang Partido at BHB.

**Iloilo.** Isang paramilitar ang namatay sa magkasunod na operasyong haras ng BHB-Iloilo sa kampo ng CAFGU sa Barangay Pudpud, Miag-ao noong Nobyembre 3 at 4.

## Pulis at militar, inutusang harapin ang kaso hinggil sa "Antique 7 massacre"

INUTUSAN NG OMBUDSMAN nitong Disyembre 17 ang tatlong upisyal ng pulis ng Antique at isang upisyal ng 301st Brigade na harapin ang mga kasong kriminal at administratibo na isinampa laban sa kanila ng mga pamilya ng pitong istap ng National Democratic Front of the Philippines-Panay. Pinangunahan ng naturang mga pulis at sundalo ang pagmasaker sa pitong istap na tinaguriang Antique 7 noong hatinggabi ng Agosto 15, 2018 sa Barangay Atabay, San Jose, Antique.

Ibinatay ang reklamong ito sa awtopsiya ng Commission on Human Rights Forensic Center. Ang "Antique 7" ay sina Felix Salditos, Peter Mecenas, Jayson Talibo, Liezel Bandiola, Jason Sanchez, Eldie Labinghisa, at Karen Ceralvo.

## Bagong mga maniobra ng mga Marcos

WALANG TIGIL ANG mga maniobra ng mga Marcos para makabalik sa Malacañang. Pinakahuli rito ang paghain ng reklamong *impeachment* laban kay Supreme Court Associate Justice Marvic Leonen noong Disyembre 7. Ibinatay ang reklamo sa hindi umano pagsusumite ni Leonen ng kanyang *statement of assets, liabilities and net worth*.

Pangalawa na ito sa mga kasong may layuning sipain si Leonen para bigyandaan ang pagpabor sa protestang elektoral ni Ferdinand Marcos, Jr. laban kay Vice Pres. Leni Robredo. Bago nito, ibinasura na ng korte ang petisyong *quo warranto* ni Solicitor General Jose Calida laban kay Leonen.

## Hustisya para kay Ka Alvin Luque!

HUSTISYA ANG PANAWAGAN ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pagpaslang ng mga berdugo ng 4th ID kay Alvin Luque (Ka Joaquin Jacinto) at ng kasama niyang sibilyan noong hatinggabi ng Disyembre 10 sa Barangay San Agustin Sur, Tandag City, Surigao del Sur. Si Ka Joaquin ay dating tagapagsalita ng National Democratic Front (NDF)-Mindanao. Taliwas sa pahayag ng militar, imposibleng makapanlaban siya dahil paralisado at nagpapagaling nang maganap ang krimen.

Si Ka Joaquin ay nagmula sa Davao City. Naging tagapangulo siya ng konseho sa Ateneo de Davao University noong siya'y estudyante pa. Mula dekada 1990 hanggang dekada 2000, naging tanyag siyang lider ng Bayan-Southern Mindanao. May panahong tumakbo siya sa pagkakonsehal ng Davao City. Nagsimula siyang pag-initan nang pangunahan niya ang mga rali laban sa rehimeng Arroyo. Paulit-ulit siyang ni-*red-tag*, dinahas at sinampahan ng gawa-gawang kasong kriminal. Lumipat siya sa Cagayan de Oro City, pero patuloy pa rin siyang ginipit. Para takasan ang pulitikal na panggigipit, nagpakanlong siya sa isang sonang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan noong 2007 hanggang magpasyang magpultaym sa hukbo.

Noong 2009, itinalaga siya para makatuwang ni Ka Oris na palakasin ang NDF-Mindanao. AB

# Pasko ng kakapusan at gutom

Isa sa mga pinaka-inaabangang okasyon ng karaniwang mga Pilipino taun-taon ang Pasko. Pinakatampok na bahagi nito ang *noche buena*, kung saan nagtitipun-tipon ang mga kasapi ng pamilya para magsalo sa kadalasa'y espesyal na handang pagkain at magdiwang. Subalit ngayong panahon ng pandemya, maraming pamilya ang dumaraing na hindi na maipagpatuloy ang tradisyong ito dulot ng krisis na mahigit siyam na buwan nang nananalasa sa bayan. Karamihan sa kanila ay nawalan ng hanapbuhay at kita dulot ng *lockdown*.

Kabilang sa kanila ang drayber ng dyip na si Gerald. "Ngayong Pasko, hindi ko pa alam kung ano ang plano ko dahil gipit, at dahil hindi naman ako nakakabyahe," aniya. Kaiba ito sa nagdaang mga taon kung saan ay nakakapagplano sila ng maihahanda bago pa man sumapit ang Pasko.

Nagsimulang dumausdos ang kabuhayan ng kanyang pamilya nang ipagbawal ang pagbyahe ng mga dyip na pumasada sa ngalan ng *lockdown*. Kabilang siya sa 200,000 drayber na hindi pa rin nakabibiyahe hanggang ngayon.

"Kung dati ay masasarap ang kinakain namin katulad ng manok at baboy, ngayong nagkapandemya ay talagang napakahirap. May mga panahon na nakaasa na lang kami sa ayuda. Minsan, paulit-ulit na lang yung ulam: mga delata, nudels at isda," sabi niya. Gaya nila, dalawa sa bawat limang pinakamahihirap na pamilyang Pilipino ang nakaranas ng gutom ngayong pandemya, habang isa kada lima ang nakaranas na hindi kumain sa buong araw.

Napilitan din siyang patigilin sa pag-aaral ang nag-iisa niyang anak, taliwas sa kagustuhan ng bata. Ayon sa isang pag-aaral na isinagawa ng World Bank at National Economic and Development Authority noong Agosto, 20% lamang sa nag-aaral bago ang pandemya ang nakapagtuluy-tuloy ng kanilang pag-aaral. Ang 80% ng mga magulang ay nagsabing pababalikin nila sa pag-aaral ang kanilang mga anak kapag nagbukas na ulit ang mga paaralan.

Daing naman ng magtataho na si Win-win na maliban sa gipit, hindi mabubuo ang kanilang pamilya dulot ng mga restriksyon sa pagkakwarantina. "Parang mas malungkot ang Pasko namin ngayon kasi hindi kami kumpleto," aniya. Kumpara dati, hindi na makakasama ng lima niyang anak sa pagsalubong ng Pasko ang kanilang mga lolo, lola, pinsan, mga tiyahin at tiyuhin. Gaya ni Gerald, pangunahing nakaasa ang kanyang pamilya sa ayudang pagkain sa panahon ng *lockdown*.



Kabilang sina Gerald at Win-win sa 40% ng mga manggagawang nag-ulat ng pagbagsak ng kita dahil sa pandemya. Tinawag silang "bagong mahirap" ng World Bank, isang kategoryang tumutukoy sa isang seksyon ng lipunan na nawalan ng kita o trabaho dahil sa pandemya.

Gipit rin ang maliliit na negosyante sa impormal na sektor. Isa rito si Tam, na humingi ng payo sa kanyang mga kaibigan kung paano pagkasyahin ang ₱1,000 badyet para sa Pasko. "Yan lang ang badyet kasi ang iba pambili ng bigas," aniya. Payo sa kanya ng karamihan: Bumili ng manok dahil ito ang pinakamura sa lahat ng karne ngayong buwan. Kumpara sa karneng baboy na ₱320 ang kilo, nasa ₱210 lamang ang isang kilo ng manok. Noong nakaraang buwan, pumalo sa 3.3% ang tantos ng implasyon, kung saan pinakamabilis na tumaas ang presyo ng pagkain.

Hindi lahat ay may pambili ng maihahanda. "Buti ka pa, may panghanda, kami matutulog lang," sagot kay Tam ng kaibigan niyang si Lani. Mula nang tumama ang pandemya, parami nang parami ang bilang ng walang makain at nakaasa lamang sa kawanggawa ng simbahan at mga pribadong institusyon. Sa ulat na nauna nang nabanggit, nasa 54% ng mga pamilyang mahihirap ang nagsabing di nila kayang bumili kahit ng pinakabatayang pangangailangan tulad ng pagkain.

Palatandaan nito ang tuluy-tuloy na paglaki ng binibigyan ng pagkain ng mga organisasyong mapagkawanggawa at simbahan. Isa rito ang pinatatakbong *soup kitchen* ng Society of Divine Word na nagpapakain ng mahigit 1,000 katao, limang araw sa isang linggo, mula sa 250 lamang noong Abril. "Marami sa kanila ay walang mga tirahan," ayon sa isang paring nagpapatakbo ng *soup kitchen*. "Pero parami nang parami na rin ang mga nawalan ng trabaho na lumalapit sa amin dahil sa desperasyon." AB


# SA MADALING SALITA

## 1 SA KADA 4

na tao sa buong mundo ang **posibleng hindi mabakunahan laban sa Covid-19 hanggang 2022.**

*Pinagkunan: Johns Hopkins Bloomberg School of Public Health*

## Joseph Stalin



(Disyembre 21, 1878-Marso 1, 1953)

**Marxista-Leninistang dalubhasa** na namuno sa **Communist Party of the Soviet Union** (CPSU) noong **1924-1953**. Siya ang humalili kay V.I. Lenin sa pamumuno sa unang pagbagtas ng sangkatauhan sa landas ng sosyalismo.



## 1,114

**lamang sa 61,000 eskwelahan**

ang **planong buksan** para sa harapang klase sa **Enero**.

## 2.4

**milyong bata**



**ang nagugutom sa UK, ika-5 pinakamayamang bansa sa mundo**

(Sa unang pagkakataon, papasok ang UNICEF sa UK para magpakain sa mga gutom na bata.)

## 50%

ng mga pamilyang nakaasa sa remitans

ay **nakatanggap** ng **mas kaunti ngayong taon**. **11%** sa kanila ang **walang anumang natanggap**.

*Pinagkunan: World Bank/NEDA, Agosto 2020*



## 7.3 MILYONG

manggagawang Pilipino ang tantyang mawawalan ng trabaho

Ang *digitalization* ay tumutukoy sa pag-*automate* (paggamit ng kompyuter o *robot*) sa pagsasagawa ng trabaho gaya ng pagkukwenta, *customer service* at iba pa.

dahil sa epekto ng ***digitalization*** at **Covid-19 *lockdown***.

*Pinagkunan: International Labor Organization, 2020*

## $7.2 TRILYON


kabuuang halaga ng Google, Facebook, Amazon, Apple, Microsoft.

**Lumaki** ito nang **46%** ngayong 2020 habang lumalala ang kahirapan at kagutuman sa buong mundo.

## Mga manggagawang matatanggal sa pinakamalalaking airline

| | |
|---|---|
| Lufthansa Air (Germany) | **29,000** |
| United Air (US) | **36,000** |
| Air Canada | **20,000** |
| America Air (US) | **25,000** |
| British Air | **12,000** |
| Air France-KLM (France) | **12,500** |

# Pagtataas ng kapasidad ng sistemang pangkalusugan



*Pangalawa sa dalawang-artikulong serye kaugnay sa natatanging tugon ng estado at mamamayan ng Cuba sa pandemyang Covid-19.*

Isa sa mga aral na nahalaw ng Cuba sa pag-apula ng pandemyang Covid-19 ang pangangailangan na itaas ang kakayahan ng sistemang pangkalusugan para saluhin ang mga pasyenteng nasa seryoso at kritikal na kalagayan. Tinatawag itong *intensive care*, isang espesyalisadong tungkulin kung nasaan nakasalalay ang buhay ng mga pasyente sa istriktong mga prosesong medikal at pag-aruga.

Sa gitna ng pandemya, pinalakas ng Cuba ang mga *intensive care unit* (ICU) sa iba't ibang ospital at pasilidad. Ipinaarangkada nito ang pagpapaunlad ng bagong mga teknolohiya sa medisina at pagsasanay ng mga personel. Pinahahalagahan nito ang papel ng mga nars, na kinikilala bilang mapagpasya sa paggaling ng mga pasyente. Alinsunod sa plano ng estado, ipinatutupad ang pagpaparami ng kama sa mga ICU at pagkumpleto sa mga serbisyo nito mula 2021 hanggang 2026.

Naghanda ang Cuba sa pinakamasama at pinakamahirap na senaryo noong unang pumalo ang pandemya. Ayon sa isang artikulo ng *Granma*, upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Cuba, sinunod ng mga duktor ng Cuba ang nailatag na mga protokol na nakabatay sa karanasan ng mundo, habang tuluy-tuloy na pinaunlad ang mga ito mula sa mga aral ng sariling praktika. Inilapat nila sa partikular na katangian ng kanilang lipunan at sistemang pangkalusugan, gayundin sa indibidwal na mga sakit ang kanilang tugon sa bawat kaso ng nagkakasakit. Ang tinipong mga karanasang ito ang nagbigay sa kanila ng tatag at kumpyansa sa pagpapatupad ng mga protokol at pag-eksperimento sa paggamit ng mga gamot.

Hindi kailanman lumampas sa kakayahan ng sistemang pangkalusugan ng Cuba ang pandemya, at ni minsan ay hindi napuno ang mga ospital nito. Naiwasan ng Cuba ang pagkakasakit ng mga manggagawa sa kalusugan sa mga tinaguriang "red zone" o mga lugar kung saan mas mataas sa 10% ang tantos ng impeksyon. Wala ni isang duktor o nars ang namatay dahil sa bayrus. Ito ay dahil istriktong ipinatutupad ang mga hakbangin sa *biosecurity* at mahigpit na sinusunod ang mga protokol. Namamayani sa hanay ng mga *frontliner* ang diwa ng pagtutulungan at pag-aruga sa isa't isa sa pagtitiyak ng kalinisan, sapat na kagamitan at distribusyon ng pagkain.

Sa kasagsagan ng pandemya, pinakamataas na ang anim na pasyenteng namatay sa bayrus sa isang araw. Mula Mayo, paisa-isa na lamang ang hindi nasasalba ng mga duktor. Walang namatay ni isang bata, tinedyer o buntis. Naging posible ito dahil sa buong-tiwalang pagsunod ng mamamayang Cubano sa mga patakaran ng kanilang estado. Lahat ng protokol ay nakasulat. Direkta at klaro ang mga patakaran. Gumampan ang midya ng susing papel sa maagap na pagpapalaganap ng tamang impormasyon.

Ang ganitong karanasan ay natatangi sa Cuba, kung saan mataas ang pampulitikang kapasyahan ng estado para alpasan ang isang pandaigdigang krisis sa kalusugan. Bahagi ng kanilang pagbubuklod ang maagap na tugon ng mga syentista at industriya sa *biotechnology* sa pag-aaral at pananaliksik ng mga paraan para alpasan ang pandemya. Isa sa kagyat nilang inasikaso ang pagpapaunlad ng sariling bakuna. Sa ngayon, dalawa na ang nasa antas ng *clinical testing*: ang Soberana 01 at Soberana 02.

Aktibo ang Cuba sa pagpapadala ng duktor at ibang manggagawang pangkalusugan sa iba't ibang bahagi ng mundo. Itinuturing ng estado at mamamayan ng Cuba ang medikal na pagtulong bilang bahagi ng kanilang internasyunalistang tungkulin. Nasa 53 brigada ng mga propesyunal na nakapaloob sa Henry Reeve Medical Contingent ang nakakalat sa 39 bansa, dagdag sa mga Cubanong manggagawa sa kalusugan na dati nang nagsisilbi sa 58 bansa. Naniniwala ang Cuba na tanging sa kooperasyon at internasyunal na pakikiisa maisasalba ang sangkatauhan.

Ang lahat ng ito ay naging posible sa kabila ng matitinding blokeyo sa ekonomya na ipinataw ng US laban sa Cuba sa nakaraang anim na dekada. Nagdulot ang blokeyong ito ng pagkawala ng $3-bilyong pondo para sa sistemang pangkalusugan ng Cuba. Ang mga restriksyon sa pakikipagkalakalan ay humahadlang sa pagtulong ng Cuba sa katulad nitong maliliit na bansa. AB